

COVID-19 Countermeasures

Paghahanda sa Bagong Covid Wave (Buod)

Napagpasyahan 2021 Oktubre 12
COVID-19 Countermeasures HQ Gifu Prefectural Government
Panahon ng Pagpapatupad : mula Oktubre 15 hanggang Nobyembre 30

Ang kahilingan para sa pagpapaikli ng Business Hours sa mga restawran, na kung saan ay nagpatuloy sa ilang mga lungsod at bayan, ay makakansela sa Oktubre 14. Gayunpaman, sanhi ng malaking proporsyon ng mga dayuhang mamamayan ay kabilang sa mga bagong nahawahan ng virus, at dahil papalapit na ang autumn holidays, Pasko at New Year holiday, kailangan tayong maghanda para sa 6th Wave ng virus. Mangyaring ipagpatuloy na ipatupad nang lubusan ang mga pangunahing hakbang sa pagkontrol sa impeksyon.

1 Pag-iwas sa Impeksyon

(1) Masusing mga hakbang sa pagkontrol sa impeksyon

① Sa mga Mamamayan ng Prepektura

- Maingat na ipatupad ang mga sumusunod na hakbang, kabilang ang mga tapos ng magpabakuna (dahil sa peligro ng breakthrough infection).

- Pagsusuot ng Mask (Non-woven mask, tight sealed ang bibig at ilong)
- Kalinisan sa Kamay (epektibo ang sabon, tubig at alcohol)
- Pag-iwas sa 3 C's (closed spaces, crowded spaces at close contact, iwasan ang kahit isa lamang sa 3 C's)
- Madalas na Bentilasyon (pagpapalit ng hangin)
- Pagmamatyag sa Pisikal na kondisyon (itigil ang lahat ng mga aktibidad kabilang ang pagpasok sa trabaho at paaralan kapag masama ang pakiramdam)

- Iwasan ang mga sumusunod na "5 sitwasyon" na nagdaragdag ng panganib ng impeksyon.

- Mga "Social gatherings" na may pag-inom ng alak (Ito ay dahil nababawasan ang atensyon sa pag-iingat at lumalakas ang boses)
- Madaming bilang ng tao at mahabang panahon ng kainan at inuman (second party, third party, late-night na palipat-lipat ng lugar ng inuman, atbp.)
- Pag-uusap nang walang mask (Mag-ingat kapag nakasakay ng kotse o bus)
- Pamumuhay sa isang maliit na espasyo (karaniwang mga lugar tulad ng mga dormitory, silid-aralan at banyo)
- Paglipat-lipat ng kinaroroonan (mag-ingat sa mga break room, smoking areas, changing rooms, atbp.)

- Maingat na ipatupad ang mga pangunahing hakbang sa pagkontrol ng impeksyon sa paglabas pasok sa mga Prepektura, pag-uwi o sa mga business trips.
- Ang pagkain sa labas (restawran) ay karaniwang para sa maliit na bilang ng tao (hanggang 4 na tao), at magpareserba hangga't maaari, at sa maikling oras.
- Piliin gamitin ang mga pasilidad na nagpapatupad ng mga “Preventive Control Measures”.
- Kapag uuwi o galing mula sa isang malayong lokasyon, inirerekumenda namin ang masusing mga hakbang sa pagkontrol sa impeksyon bago umalis o pagdating sa patutunguhan.
- Upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon sa mga batang wala pang 12 taong gulang at kanilang mga pamilya, hinihimok na gawin ang mga hakbang sa pagkontrol sa impeksyon tulad ng pagsuporta sa pagpapabakuna ng mga magulang o kapamilya at paghuhugas ng kamay kapag galing sa labas, atbp.